



PATNUBAY SA MISA



21 Disyembre 2014

Ika-4 na Linggo ng Adbiyento

Taong B

Buksan ang Ating Puso sa Diyos

Bagamat ilang araw pa bago mag-Pasko, ang mga pagbasa para ngayon ay nag-aanyaya na sa ating magnilay sa presensiya ng Diyos na tunay ngang nakapagpapasigla. Iyo'y di tulad ng sa isang espiya o ng sa isang hukom na nakababagabag o ikinatatakot. Sa halip, ang pamamalagi ng Diyos sa ating piling ay bukal ng ating kaligtasan, isang kaloob na nakapagpapabago sa ating mga buhay, nakapagdudulot ng pag-asa at kapayapaan.

Ngunit kung nais nating malasap ang lahat nitong dulot na kabutihan, dapat nating tumugon nang marapat sa Diyos. Ito'y sa pagbubukas ng ating mga puso sa Kanya nang buong pasasalamat at pananabik, tulad ng halimbawa ni Mariang Kabanal-banalan, na nagpahayag ng kanyang lubos na kahandaang sumunod sa anumang nais ng Diyos. Ganito nawa ang ating maging disposisyon ngayon habang naghahanda tayo para sa pagsisimula ng pagdiriwang ng Eukaristiya.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pumatak na waring ulan magmula sa kalangitan, nawa'y umusbong din naman mula sa lupang taniman ang Manunubos ng tanan.

Pagbati

P–Sumainyo ang Panginoon!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Ngayong natitipon tayo rito bilang mag-anak ng Diyos sa huling Linggo ng Adbiyento, buong pananalig nating hilingin ang kapatawaran sa lahat nating mga pagkukulang upang matanggap natin si Hesus nang may malinis na kalooban. (Manahimik saglit.)

P–Panginoong Hesus, naparito ka upang tipunin ang mga bansa sa kapayapaan ng kaharian ng Diyos. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, tinutupad mo ang mga pangako ng mga propeta noon. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, naparito ka sa salita at sakramento upang tibayan ang aming kabanalan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

(Aawitin lamang sa Simbang Gabi.)

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, kasihan mo kami ng iyong pagmamahal upang kaming nakabatid sa pagbabalita ng anghel tungkol sa pagkakatawang tao ng Anak mo ay makapakinabang sa kanyang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus sa pagsapit namin sa pagkabuhay niya sa langit sa

pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa 2 Sam 7:1-5.8-12.14.16

Alam ng mga Israelitang ang Mesiyas ay magbubuhay sa angkan ni Haring David. Ang gayong paniwala ay batay sa pangako ng Panginoon kay David na ipagtatayo Niya siya ng “sambahayan” (isang dinastiya) na walang hanggan. Pakinggan natin ang salaysay ng gayong pangako.

L–Pagpapahayag mula sa Ikalawang Aklat ni Samuel

Si David ay panatag nang nakatira sa kanyang bahay. Sa tulong ng Panginoon, hindi na siya ginambala ng kanyang mga kaaway. Tinawag niya si Natan at sinabi, “Nakikita mong nakatira ako sa tahanang sedro, ngunit ang Kaban ng Tipan ay sa tolda lamang.” Sumagot si Natan, “Isagawa

mo ang iyong iniisip, sapagkat ang Panginoon ay sumasaiyo.”

Ngunit nang gabing iyo’y sinabi ng Panginoon kay Natan, “Ganito ang sabihin mo kay David: ‘Ipagtayo mo ba ako ng tahanan? Inalis kita sa pagpapastol ng tupa upang gawing pinuno ng bayang Israel. Kasama mo ako saanmang dako at lahat mong mga kaaway ay aking nilipol. Gagawin kong dakila ang iyong pangalan tulad ng mga dakilang tao sa daigdig. Bibigyan ko ang Israel ng kanyang lupa at doon ko patitirahin. Wala nang gagambala sa kanila roon; wala nang aalipin sa kanila tulad noong una, buhat nang maglagay ako ng hukom nila. Magiging payapa ka sapagkat wala nang gagambala sa iyo. Bukod dito, akong Panginoon ay nagsasabi sa iyo: Patatatagin ko ang iyong sambahayan. Pagkamatay mo, isa sa iyong mga anak ang ipapalit ko sa iyo. Patatatagin ko ang kanyang kaharian. Kikilanlin ko siyang anak at ako nama’y magiging ama niya. Magiging matatag ang iyong sambahayan, ang iyong kaharia’y hindi mawawaglit sa aking paningin at mananatili ang iyong trono.’”

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 88

B – Pag-ibig mong walang maliw ay lagi kong sasambitin!

R. M. Velez



Pag-i- big mong wa-lang ma-liw



ay la- gi kong sasam- bi- tin!

* Pag-ibig mo, Poon, na di nagmamaliw ang sa tuwi-t’wina’y aking aawitin; ang katapatan mo’y laging sasambitin. Yaong pag-ibig mo’y walang katapusan, sintatag ng langit ang ’yong katapatan. B.

* Sabi mo, Poon, ikaw ay may tipan na iyong ginawa kay David mong hirang at ito ang iyong pangakong iniwan: “Isa sa lahi mo’y laging maghahari, ang kaharian mo ay mamalalagi.” B.

* Gagawin ko siyang anak na panganay, mataas na hari nitong daigdigang! Laging maghahari ang

isa n’yang angkan, sintatag ng langit yaong kaharian. B.

Ikalawang Pagbasa Ro 16:25-27

Ang halaw na ito buhat sa Liham sa mga taga-Roma ay isang banal na awit ng pagbubunyi sa Diyos, lalo na dahil sa Ebanghelyong ipinahayag sa lahat ng Hentil.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid:

Purihin ang Diyos na makapagpapatibay sa inyo sa pamamagitan ng Mabuting Balita tungkol kay Hesukristo na ipinangangaral ko sa inyo. Ang Mabuting Balitang iyan ay isang hiwaga na nalihim sa loob ng mahabang panahon, at sa utos ng walang hanggang Diyos ay nahayag ngayon sa mga Hentil upang sila’y manalig at tumalima kay Kristo. Ang lahat ng iyan ay ayon sa mga sulat ng mga propeta.

Sa iisang Diyos, ang marunong sa lahat – sa kanya iukol ang papuri magpakailanman sa pamamagitan ni Hesukristo! Amen!

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya Lu 1:38

B – Aleluya! Aleluya!

Narito ang lingkod ng D’yos maganap nawa nang lubos ang salita mong kaloob. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 1:26-38

Ang salaysay ng Pagpapahayag ay siyang simula ng katuparan ng mahiwagang pangako ng Diyos kay David tungkol sa dinastiyang walang hanggan.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Galilea, sa isang dalaga na ang pangala’y Maria. Siya’y nakatakang ikasal kay Jose, isang lalaki buhat sa lipi ni Haring David. Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binati niya ito. “Matuwa ka! Ikaw ay kalugud-lugod sa Diyos.” wika niya. “Sumasaiyo ang Panginoon!” Nagulumihan si Maria sa gayong pangungusap, at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan niyon. Kaya’t sinabi sa kanya ng anghel, “Huwag kang matakot,

Maria, sapagkat kinalulugdan ka ng Diyos. Makinig ka! Ikaw ay maglililihi at manganganak ng isang lalaki, at siya’y tatawagin mong Hesus. Magiging dakila siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan.”

“Paanong mangyayari ito, gayong ako’y dalaga?” tanong ni Maria. Sumagot ang anghel, “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya’t banal ang ipanganganak mo at tatawaging Anak ng Diyos. Natatandaan mo ang iyong kamag-anak na si Elisabet? Alam ng lahat na siya’y baog, ngunit naglihi siya sa kabila ng kanyang katandaan. At gayo’y ikaanim na buwan na ng kanyang pagdadalantao – sapagkat walang hindi mapangyayari ang Diyos.”

Sumagot si Maria, “Ako’y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi.” At nilisan siya ng anghel.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nanga-

matay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Kasama ni Maria, ang bukas-palad na lingkod ng Diyos, tayo’y maghanda para sa pagtupad sa kalooban ng Panginoon at hilingin sa Kanya ang biyayang kailangan natin. Manalangin tayo:

B–**O** Diyos naming tapat, dinggin Mo kami!

* Nawa higit na pahalagahan ng Simbahan at kanyang mga pinuno ang pagtatayo ng matatatag na pamayanan ng pananampalataya at paggawa. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa alalahanin ng lahat ng pinunong pambayan na mauwi sa wala ang kanilang mga plano kung hindi rin lamang ito alinsunod sa kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa pahalagahan ng mga naghahanda para sa Pasko ang kanilang mga pangangailangang espirital nang higit sa mga pangangailangang materyal. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng di pa sumasampalataya kay Hesus bilang tagapagligtas ay magbukas na ng kanilang mga puso sa mensahe ng salita ng Diyos nang ito’y magbunga sa kanilang buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa gugulin natin ang mga araw na ito ng pamaskong Nobena nang may disposisyong tulad ng kay Mariang Kabanal-banalan nang hinihintay niya ang pagsilang ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Manahimik saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Diyos ng katapatan, tulutan nawang ang aming asal ay maging laging alinsunod sa Ebanghelyo at maging saksi kay Hesus, na tanging Tagapagligtas ng sanlibutan na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

B –Amen!



P– Manalangin kayo. . .

B– Tanggapin nawa ng Pa-

nginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, ang mga alay naming nakahain sa iyong dambana ay pabalin nawa ng paglukob ng Banal na Espiritu na pumuspos sa sinapupunan ng Mahal na Birheng Maria upang magdalang-tao at magsilang sa iyong Anak na siyang namamagitan magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya’y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya’y inilad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami’y nananabik at nananalangin lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo Panginoon ng Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na matay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Maglililihi itong birhen at magsisilang ng supling na tatawaging Emman’wel, taguring ibig sabih’y “Ang D’yos ay sumasaatin.”

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, amin nang pinagsaluhan ang piging na nagbibigay-buhay. Habang papalapit ang dakilang kapistahan ng Pasko, lalo nawa kaming makinabang nang may pananabik sa pagiging marapat sa pagdiriwang sa pagsilang ng Anak mo na siyang namamagitan magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Tumahimik sandali.*)

Nawa pagkalooban kayo ng tapat nating Panginoon ng isang kinabukasan ng kahinahunan, kapayapaan, at kalusugan.

B– Amen!

P– Tulutan Niya nawang malam-pasan ninyo ang lahat ng hirap at pagsubok.

B– Amen!

P—Pukawin Niya nawa ang inyong mga puso't kaluluwa sa pagsalubong kay Hesus gaya ng ginawa ni Mariang Kabanal-banalan.

B—Amen!

P—Pagpalain kayo ng maka-

pangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan at tangapin si Kristo sa inyong kapwa.

B—Salamat sa Diyos!



Ang Diyos ay Sumasainyo

Si Jess, isang 15-taong gulang na binatilyo at panganay sa apat na magkakapatid, ay halos malula sa kanyang pananagutan. Ang ama niyang si Antonio ay namatay pagkatapos ng siyam na buwang pakikipagtunggali sa leukemia. Ngayon, bigla na lamang kailangang akuin ni Jess ang tungkulin ng ama ng pamilya. Ang ina niyang si Maria Angela ay kinailangang mag-alaga sa tatlong ibang anak na ang pinakabunso ay apat na taong gulang pa lamang. Kailangan din nilang bayaran ang malaking utang nila dahil sa pagkakaospital ni Antonio.

Dumulog si Jess sa matanda't mahina nang kura paroko para magpagabay. Tiningnan lamang nito si Jess na gaya ng mga banal at nag-wika sa kanya: "Huwag kang mag-alala. Gawin mo ang iyong makakaya at ang Panginoon ay sasaiyo. Siya nga'y kapiling mo na. At kung kasama mo ang Panginoon, malalampasan mo ang ano mang sagabal."

Ang ganitong maikling pananalita ay waring hamak lamang na kasiyahan sa marami, ngunit pinakinggan itong mabuti ni Jess, na sumunod sa sinabi ng matanda. Unti-unti niyang nadama ang presensiya ng Panginoon at natuto siyang manalig nang lubos sa Kanya. Nadama niya ang presensiya ng Diyos na tulad ng sa isang kaibigan, isang tagapagturo, at isang kakampi, depende sa sitwasyon. Malimit niya siyang kinakausap.

Pagkalipas ng anim na taon, nabayaran din nina Jess ang lahat ng utang nila, sa gulat ng maraming halos di makaraos sa buhay. Malinaw na malaki ang naitulong ng pananalig sa Panginoon at sa kanyang tulong.

Nasa inyo ang Panginoon" ay pangungusap na makikita sa Banal na Kasulatan sa mahahalagang saglit ng kasaysayan ng mga Taong Hinirang. Narinig ito ni Moises sa Diyos mismo sa anyo ng isang pormal na pangako nang ipangamba niya ang tungkulin niyang magligtas sa kanyang bayan sa pagkaalipin sa Egipto. (Sangguniin Exo 3:12.) Narinig ito ni David sa bibig ng propetang si Natan kaugnay ng plano niyang magtayo ng templo para sa Panginoon.

(Sangguniin ang Unang Pagbasa.) Narinig ito ni Mariang Kabanal-banalan nang ipahayag sa kanya ng anghel Gabriel na siya ang nahirang na maging ina ng Mesiyas. (Sangguniin ang Ebanghelyo ngayon.)

"Hindi ko kayo uulilahn," wika ni Hesus sa kanyang mga disipulo nang malapit na siyang dakpin ng kanyang mga kaaway. "Lagi ninyo akong makakasama hanggang sa wakas ng panahon," pangako ni Hesus bago siya umakyat sa langit. Tumupad siya at tumutupad pa rin siya sa gayong pangako.

Ang Panginoon ay kasama ng Simbahan sa lahat ng siglo, nagpapatnubay at nagtatanggol sa kanya sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. Siya'y nasa lahat ng nananalig sa kanya – hindi lamang sa mga dakila at matatayang, kundi maging sa mga maliliit na tao ring tulad natin, mahina at di nakatitiyak habang nanunnton sa landas ng malupit na daigdig.

Napakahalagang maunawaan natin ang presensiya ng Panginoon sa ating buhay. Higit ding mahalagang gawin natin siyang palaging kasama, kaibigan, tagapayo, at tagapagtanggol. Ipinahihiwatig nitong tayo man ay dapat mapasa-Diyos, anupa't lubos nating ipagkatiwala sa Diyos ang ating sarili, sundin ang utos Niya, at pagsikapang dulutan Siya ng kasiyahan.

Ito ay magbubunga ng kapaki-pakinabang na pakikipagtambalan natin sa Diyos. Ang gayong relasyon ay siyang dapat na maging tatak ng bagong taong atin nang sisimulan. Sa pagsama sa atin ni Hesus bilang "Kasama sa Paglalakbay" at sa kanyang pananatili sa atin sa hirap man o ginhawa, sa kagalakan at kalungkutan, sa tagumpay at pagkatalo, dapat nating ikatuwa ito at ipagpasalamat. Ito ay isang kaloob na kailanman'y hindi natin kayang ikapaging karapat-dapat. Dapat nating pahalagahan ang kanyang presensiya bilang isa sa pinakamahalaga sa buhay, pagkat ang buhay ay isang pagsasanay para sa "panghuling yugto" kung kailan tayo makakasama ng Panginoon habang panahon.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan